Anong katangi-tangi sa sermong ito?

Sinumang kay kaalaman sa Arabe o makakabasa lang man ng letrang Qur'an ay makakabatid na may mga titik ng alpabetong Arabeng may mga tuldok na iniuugnay sa mga ito. Ang mga titik na ito'y itinala sa ibaba at laging ginagamit sa talumpating Arabe at mga tekstong isinulat.

ش ب ت ن ض ث ق ف غ خ ج ز ظ ذ ي

Ang paglikha ng anumang letrang isinulat na may makabuluhang uri na hindi ginagamitan ng anuman sa mga titik na ito ay isang trabahong mahirap. Ang pagbigkas ng naturang sermon nang walang paghahanda, katulad ng kilalang ginawa ng Imam 'Ali (a) sa lahat ng kanyang mga sermon, ay talagang kahanga-hanga!

[**Nota**: Ang titik na kumakatawan sa *taa marbutah* ay isinusulat nang walang mga tuldok sa naunang letrang Arabe]

Mayroon bang kahilintulad na mga sermon?

Ang Imam 'Ali (a) ay isang beses na bumigkas ng isa pang magandang sermon na walang titik na *alif* !!

Ang titik na ito ng alpabetong Arabe ang tiyak na pinakamadalas na titik sa wika. Kung ang pagsulat ng ilang mga pangungusap na walang mga tuldok ay mahirap na, ano pa kaya ang pagbigkas ng isang sermon na puno ng dunong at maraming beses ang laki sa inyong nakita, subalit hindi ginamitan ng isa lang mang *alif* !!

Ang sermong ito'y kadalasang tinatawag na *al-Khutbah al-Muniqah* at itinala ng maraming mga pantas na Muslim. Kabilang sa mga pantas na Sunni na sumipi nito ay sina:

- Muhammad b. Muslim al-Shafi'i, *Kifayat al-Talib*, p. 248
- Ibn Abi'l Hadid al-Mu'tazili, *Sharh Nahj al-Balaghah*, tomo 19, p. 140

Paano naisagawa ng Imam 'Ali (a) ang naturang kahanga-hangang gawa?

Natamo ng Imam 'Ali (a) ang kanyang malawak na kaalaman at kahusayan sa pagtalumpati sa kanyang matagal at malapit na pakikisama sa Propeta Muhammad (s). Ang Propeta (s) na may inspirasyong Dibino, ang pinagmulan ng lahat ng naturang kaalaman at dunong at isang gurong katangi-tangi para sa Imam 'Ali (a).

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa totoong Islam na itinuro ng Propeta Muhammad (s) at ipinaliwanag ng Imam 'Ali (a) paglipas niya, dumalaw sa:

http://al-islam.org/faq/

v1.0

Ang Propeta Muhammad (s) ay nagsabi:

Ako ang tahanan ng dunong at si 'Ali ang pintuan nito

(*Sahih al-Tirmidhi*, (Edisyong Cairo), Kitab al-Manaqib, tomo 5, p. 637, hadith bilang 3723)

Isang Sermon na Walang mga Tuldok

Ang kaalaman, dunong at kahusayan sa pagtatalumpati ng Imam 'Ali b. Abi Talib (a) ay alam na alam ng mga Muslim sa iba't ibang pangkat ng kaisipang Islamiko. Isang halimbawa ng kanyang kadalubhasaan sa wikang Arabe ay napatunayan sa sermong itong di inihanda na kung isusulat ay walang anumang tuldok!!

Ang lahat ng puri ay sa Allah lamang: ang kapuri-puring Hari, ang May-aring magiliw, ang Tagahugis ng lahat ng mga isinilang, ang Dulugan ng bawat api, ang Tagahatak ng mga lupain, ang Tagapagtatag ng mga matatag ng mga buldok, ang Tagatustos ng ulan, ang Tagapaginhawa ng mga kahirapan, ang May Alam at Unawa sa mga lihim, ang Tagawasak ng mga kaharian at Tagalipol ng mga ari-arian, ang Tagabago at Tagaulit ng mga panahon, ang Pinagmulan at Hantungan ng lahat ng mga bagay. Laganap ang Kanyang kabutihang-loob at sapat ang mga nagpapatungang ulap at ang tustos ng ulan. Tumutugon siya sa sinumang humihingi o umaasa, malawakan at masaganang nagbibigay.

Ako'y walang humpay na pumupuri sa Kanya. Itinuturing ko Siyang iisa katulad ng pagturing sa Kanyang iisa ng sinumang bumabaling sa Kanya. Makinig! Siya ang Allah, walang ibang bathala para sa mga bansa maliban sa Kanya. Walang sinumang makapilipit sa anumang Kanyang matuwid na itinakda o itinatag. Inatasan Niya ang Muhammad bilang tagadala ng bandila ng pagsuko (*Islam*), ang pinuno ng mga namumuno at tagasansala ng kanilang paniniil, ang tagasalanta ng mga kapangyarihan ng *Wudd* at *Sawa`* (dalawang mga idolo). Siya ang nagbigay-alam at nagturo, ang nagtakda at nagpalubos. Itinatag niya ang mga batayan at nagpaginhawa sa kanila rito. Siya ang nagbigay-diin at babala hinggil sa nakatakdang pangako (Araw ng Paghuhukom). Ang Allah ang nag-ugnay sa kanya sa karangalan at nagbigay kapayapaan sa kanyang kaluluwa, sumakanyang mga inapo at kapita-pitagang pamilya nawa ang pagpala ng Allah; habang ang mga bituing gabay ay kimikislap, ang buwan ay patuloy na lumilitaw, at ang himig ng kaisahan (*La ilaha illa Allah*) ay naririnig sa paligid.

Kalingain ka nawa ng Panginoon! Kumilos tungo sa pinakamabuting mga gawi. Kaya tahakin ang landas na naaayon sa kautusan, at tigilan ang ipinagbawal at talikuran ito. Makinig sa kautusan ng Allah at maging may batid nito. Ipagpatuloy ang mga ugnayan sa mga kamag-anak at alagaan sila. Suwayin ang mga pagnanasa at itaboy ang mga ito. Maki-ugnay sa mga tapat at piyadoso bilang mga kamag-anak, at tigilan ang pagtitipan sa aliwan at kayamuan.

Ang inyong lalaking bagong kasal ang pinakadalisay sa mga malayang lalaki sa pagpanganak, may pinakamabuting-loob at kagalang-galang, at may pinakamatamis na angkan. Humarap siya sa inyo rito upang hingiin ang kamay ng inyong kamag-anak, ang magiliw na babaeng bagong kasal (Siya'y) nag-alay ng dote, katulad ng ginawa ng Sugo ng Allah kay 'Umm Salamah. Sa katiyakan, siya [s] ang pinakamagiliw na manugang na lalaki. May magandang-loob sa kanyang mga inapo. Ipinakasal niya sila sa sinumang kanyang ninais. Hindi siya nagulumihanan at walang pagkalingat sa kanyang pagpili ng asawa. Alang-alang sa inyo, humihingi ako sa Allah ng walang-hangganang pagpala ng ugnayan sa Kanya. At ang pagpapatuloy ng Kanyang mga kaluguran, at magbigay-sigla sana sa lahat sa pagbabago ng kanilang sariling kalagayan, at sa paghahanda sa kanilang sariling hahantungan at sa kabilang-buhay. Ang pasasalamat ay magpakailanmang Kanya at ang pagpuri ay para sa Kanyang Sugong Ahmad [s].

Ang sermon ay tila binigkas ng Imam 'Ali (a) sa okasyon ng may kasal (*nikah*), at maaaring kanyang sariling kasal. Ito'y sinipi ng maraming mga pantas tulad nina:

- Muhammad Rida al-Hakimi, ***Saluni qabl an tafqiduni***, tomo 2, pp. 442-3.
- Sayyid al-Musawi, ***al-Zatarah min bihar manaqib Aal-Nabi wa al-`Itrah***, vol. 2, p. 179
- Hasun al-Dulafi, ***Fada'il Aal al-Rasul***, p. 6

الخطبة العارية عن النقطة للإمام علي (عليه السلام)

الحمد لله الملك المحمود والمالك الودود مصور كل مولود مآل كل مطرود ساطح المهاد وموطد الأوطاد ومرسل الأمطار ومسهل الأوطار عالم الأسرار ومدركها ومدمر الأملاك ومهلكها ومكور الدهور ومكررها ومورد الأمور ومصدرها عم سماحه وكمل ركامه وهمل وطاوع السؤال والأمل أوسع الرمل وأرمل أحمده حمدا ممدودا وأوحده كما وحد الأواه و هو الله لا إله للأمم سواه ولا صادع لما عد له وسواه أرسل محمدا علما للاسلام وإماما للحكام ومسددا للرعاء ومعطل أحكام ود وسواع أعلم وعلم وحكم وأحكم أصل الأصول ومهد وأكد الموعود وأوعد أوصل الله له الأكرام وأودع روحه السلام ورحم آله وأهله الكرام ما لمع رائل وملع دال وطلع هلال وسمع اهلال.

اعملوا رعاكم الله اصلح الأعمال واسلكوا مسالك الحلال واطرحوا الحرام ودعوه واسمعوا أمر الله وعوه وصلوا الأرحام وراعوها وعاصوا الأهواء واردعوها وصاهروا أهل الصلاح والورع وصارموا رهط اللهو والطمع ومصاهركم أطهر الأحرار مولدا وأسراهم سؤددا وأحلاهم موردا وها هو أمكم وحل حرمكم مملكا عروسكم المكرمه وماهر لها كما مهر رسول الله أم سلمه وهو أكرم صهر أودع الأولاد وملك ما أراد وماسها مملكه ولا وهم ولا وكس ملاحمه ولا وصم اسأل الله لكم احماد وصاله ودوام اسعاده وألهم كلا اصلاح حاله والاعداد لمآله ومعاده وله الحمد السرمد والمدح لرسوله أحمد (ص).